# Si Banghol At Ang Kanyang Bitag

Isinulat ni: **Edmar B. Fronda**
Iginuhit ni: **Consorcio D. Dragon**
Edited by: **Joseph J. Cristobal**


Sa bulubunduking Anawotong, nakatira ang mag-asawang Inggo at Indang. Anak nila si Banghol na inaasahang magtataguyod ng pamilya.

Tinuturuan ni Inggo si Banghol ng mga gawaing pangkabuhayan tulad ng pagsasaka at pangangaso. Sumusunod naman si Banghol pero mas ibig niya ang maglaro.

Dumating ang malakas na bagyo sa Anawotong, nasira ang mga palay, bumagsak ang mga puno ng prutas at nangamatay ang mga isda sa sapa. Walang makain ang pamilya.

Walang ibang puwedeng gawin kundi ang manghuli ng mga hayop sa kagubatan, kung may natira pa mula sa nakaraang malakas na bagyo.

Tinuruan ni Inggo si Banghol ng paggawa ng bitag. "Una, itali mo ang lubid sa bawey, banatin papunta sa lupa, at itali sa tulos. Pagkatapos, ikabit



nang mabuti ang pisiw kasama ang pahakloy at ilagay na ang pain."

"Natutunan mo ba nang tama ang paggawa ng bitag?" tanong ng Ama.


"Opo, Ama," sagot ni Banghol.

Lumakad na ang mag-ama. Sa kaliwa ay nag-umang ang Ama. Samantalang si Banghol ay sa kanan. Inilagay ni Banghol ang bitag pero tinamad siyang ikabit nang mabuti ang pisiw at pahakloy.

Nag-abang ang mag-ama ng mahabang oras, araw, at linggo. Hanggang may natanaw ang Ama ni Banghol na mga baboy-ramo at papunta ito sa kanang bitag ng anak niya.

Dumaan ang baboy-ramo sa bitag, subalit walang nahuli dahil nasira ang pambitag, hindi kinabit nang mabuti ni Banghol ang pisiw at pahakloy.

Umuwing pagod, gutom at matamlay ang mag-ama. Nanghihina na rin ang kanyang ina. "Anak, mahina na kami ng



iyong Ama. Kayanin mong mabuhay," panaghoy ng Inang si Indang.

"Ina, Ama, babalik ako sa kagubatan. Bubuhayin ko kayo," paninindigan ni Banghol.

Nagsumikap si Banghol, tinungo niya ang kagubatan, naghanap siya ng pagkain at itinayo ang pambitag ng baboy-ramo ng tama.

Habang hinihintay ang mabibihag na baboy-ramo, nangisda muna siya at umakyat din sa mga puno at namitas ng prutas. Agad siyang bumalik sa itinayong pambitag ng baboy-ramo at mula sa kanyang kinaroroonan ay nakarinig siya ng umiiyak na baboy-ramo.

Umuwing masaya ang responsableng si Banghol at nabigyang lakas ang kanyang mga magulang na matatanda na.

